

## RESIDENZA RIZAL HOUSING PROJECT – NOW ACCEPTING APPLICATIONS!

\*For inquiries, please proceed to the Housing and Settlements Department, Lower Ground Floor, Calamba City Hall

Ang Residenza Rizal Housing Project ay isa sa mga bagong proyektong pabahay sa Lungsod ng Calamba sa pangunguna ng ating butihing Mayor Roseller H. Rizal sa ilalim ng Pambansang Pabahay Para sa Pilipino Program (4PH) ng Pangulong Ferdinand “Bongbong” R. Marcos. Isa ito sa sagot ng Pamahalaang Panlungsod sa patuloy na lumalaking pangangailangan sa pananahanan ng mga pamilyang Calambeño.

Isa sa magaganda at naiibang katangian ng proyektong ito ay ang kalakip nitong 5% INTEREST SUBSIDY mula sa Department of Human Settlements and Urban Development (DHSUD) na siyang magpapamura sa halagang babayaran ng mga magiging housing beneficiary.

Ang mga Calambeñong interesadong mag-apply sa pabahay na ito ay maaaring magpunta sa Housing and Settlements Department (HSD) na matatagpuan sa Lower Ground Floor ng Calamba City Hall upang ma-interview, mabigyan ng mga application form at maipaliwanag ang mga qualification at sunod na mga hakbang.

### PAALALA: HUWAG MAGING BIKTIMA NG MGA MODUS OPERANDI SA PABAHAY

Ang HSD ay nagpapaalala sa publiko laban sa mga ilegal na gawain tulad ng mga tao o grupong nagpapanggap na empleyado ng gobyerno o mga fixer na ginagamit ang programang pabahay upang kumita ng pera at makapanloko.

Tanging sa mga awtorisadong personnel lamang ng HSD makipag-ugnayan. Lahat ng transaksyong may kinalaman sa aplikasyon sa pabahay ng gobyerno sa Lungsod ng Calamba ay sa tanggapan ng HSD lamang rin pino-proseso at walang anumang online na transaksyong isinasagawa kaugnay nito.

Higit sa lahat, bagaman ANG PROGRAMANG PABAHAY AY HINDI LIBRE, amortisasyon o buwanang hulog sa bahay lamang ang sinisingil rito. Walang anumang halagang sinisingil para sa pagproseso ng aplikasyon sa pabahay ang HSD o alinmang tanggapan ng Pamahalaang Panlungsod ng Calamba (walang processing fee, walang advance payment).

Ang pagbabayad sa amortisasyon sa proyektong pabahay ay magsisimula lamang kapag nai-award at naninirahan na ang benepisyaryo sa kanyang housing unit.

Manatiling alerto at huwag maging biktima. Kung mayroong anumang mga katanungan, huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa HSD.

**PROJECT PROFILE:**

WHO MAY APPLY:

- CALAMBEÑOS, OF LEGAL AGE (AT LEAST FIVE (5) YEARS OF RESIDENCE IN THE CITY BASED ON VOTER'S ID/CERTIFICATION)
- FIRST-TIME HOMEBUYER
- MUST NOT HAVE ANY REAL PROPERTY
- NOT 65 YEARS OLD AND ABOVE AT THE TIME OF APPLICATION

LOCATION: BRGY. REAL, CITY OF CALAMBA (Adjacent to Calamba Heights)

TYPE OF DEVELOPMENT: VERTICAL/CONDOMINIUM

NO. OF BUILDINGS: 4

NO. OF FLOORS: 12

NO. OF UNITS: 1,144

FLOOR AREA: 24-27 SQM.

ESTIMATED UNIT COST: P1.8 MILLION

PAYMENT TERM: MAXIMUM OF 30 YEARS THRU PAG-IBIG FUND

---

ESTIMATED AMORTIZATION

a) Graduated Amortization Payment (GAP) (Payment increases every year)	More or less P3,608.98 + insurance & other fees per month
b) Level Amortization Payment (LAP) (Payment is fixed until the 30 <sup>th</sup> year)	More or less P5,998.53 + insurance & other fees per month

---

\*For inquiries, please proceed to the Housing and Settlements Department, Lower Ground Floor, Calamba City Hall